JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinypyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# Edukasyon sa Pagpapkatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:

# Lingap Hayop!



**Pangalan ng Mag-aaral:**______________________________

**Baitang at Seksiyon:**________________________________

**Paaralan:**________________________________



## Alamin

Ang pagkalinga ay hindi lamang naipapakita sa mga hayop. Ito ay maaaring ipakita rin sa iba pang nilikha. Kailangan nating pahalagahan ang iba't-ibang hayop na ligaw at *endangered* sa Pilipinas.

Sa modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy ang iba't-ibang hayop na ligaw at *endangered* sa Pilipinas.
2. Napapahalagahan ang iba't-ibang hayop na ligaw at *endangered* sa Pilipinas.

**Kasanayan sa Pampagkatuto**

(EsP4D-IVd-11)



## Subukin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik sa sagutang papel.

_____1. Ano ang ibig sabihin ng "Mga Hayop na Ligaw?" Ito ay mga hayop na___________.

A. pinapakinabangan sa bukid.

B. natatagpuan sa mga kagubatan.

C. ginagawang kalaro ng mga bata.

D. inaalagaan ng mga tao sa kanilang tahanan.

_____ 2. Ano ang ibig sabihin ng "Mga Hayop na *Endangered*?" Ito ay mga hayop na ____________.

A. kabilang sa *domesticated*. B. dumadami ang populasyon.

C. nasa panganib na mawala. D. nakikita sa mga lansangan.

_____ 3. Alin dito ang hindi kabilang sa mga hayop na ligaw.

A. Aso B. Tigre C. Buwaya D. Tamaraw

_____4. Ang sumusunod ay kabilang sa hayop na *endangered* maliban sa isa.

A. Agila B. Pusa C. Tamaraw D. Pawikan

_____5. Alin sa sumusunod ang ahensya ng gobyerno na nangangasiwa sa pagpoprotekta sa mga hayop na ligaw at *endangered*?

A. Kagawaran ng Edukasyon, DEPED

B. Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman, DENR

C. Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, DILG

D. Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan, DPWH

| Modyul 3 | Lingap Hayop! |
|---|---|



## Balikan

**Gawain 1: Sino ako?**

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang tamang pangalan ng sumusunod na mga larawan. Isulat sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| usa | agila | dolphin |
| pawikan | tamaraw | |

_______________1. 

_______________2. 

_______________3. 

_______________4. 

_______________5. 



## Tuklasin

**Gawain 2: Basahin mo ako!**

**Panuto:** Basahin ang artikulo at sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa sagutang papel.

### Putol na Katawan ng Endangered Dolphin Natagpuan sa Baybayin ng Davao City

**Claire Cornelio, ABS-CBN News**



Posted at Oct 20 2019 02:32 PM | Updated as of Oct 20 2019 04:05 PM

*Photo Courtesy: Aries Desoacido*

DAVAO CITY -- Natagpuang patay ang isang dolphin, na putol-putol ang parte ng katawan sa baybayin ng Times Beach, Barangay 76-A noong nitong Sabado nang umaga. Ayon sa residente na si Judith Acido, nangangamoy na ang patay na dolphin nang sumadsad ito sa baybayin.

"Putol na ang buntot niya. Nangangamoy na. May nakita kaming sugat niya" sabi ni Acido.
Isang Risso's dolphin ang natagpuang dolphin, na isang endangered species, ayon sa marine biologist na si Darrell Blatchley.

Ayon kay Blatchley, maaaring napasama lang ang dolphin sa huli ng mga mangingisda at namatay kalaunan.
Pero dahil aniya bawal itong hulihin at kainin ay pinutol na lang ang katawan nito at itinapon sa dagat.

Gayunman, lumutang pa rin ang katawan ng dolphin at napunta sa baybayin kung saan ito natagpuan. Wala na rin ang tiyan ng dolphin nang matagpuan ito.

"Sa aming observation normal sa mga fisherman by catch bawal sila pakunsumo i-cut nila para gawas tinae para isink sa dagat peru as we seen it nag-wash up on the beach," ani Blatchley.
Ito na ang pangalawang Risso's dolphin na natagpuang patay sa Davao.

1. Ano ang natagpuang patay sa baybayin ng Times Beach, Barangay 76-A at ano ang ikamatay nito? (2pts)

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Ayon kay Darrell Blatchley na sa isang marine biologist, bakit bawal itong hulihin at kainin?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________



## Suriin

Tandaan:

Ang Republic Act No. 8485, na mas kilala bilang "Animal Welfare Act of 1988" ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at maayos na pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas.

Sinasabi ng batas na dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangangalaga at maaaring maparusahan ang sinumang mapatunayang lumalabag dito.

Ang **nanganganib na mga uri** o *endangered na hayop* ay isang pangkat ng mga hayop o iba pang mga organismong nasa panganib na mawala o hindi na umiral. Maaari itong maganap dahil sa may mangilan-ngilang na lamang ng natitirang bilang ng hayop na ito, dumami ang bilang ng mga hayop na kumakain ng hayop na ito, o kaya dahil sa pagbabago ng klima sa pook na tinitirhan nito, o nawasak na ang mga lugar na tinatahanan ng hayop. Samantala ang mga **ligaw** na hayop ay ang mga maiilap at nakatira sa natural nitong tirahan.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang pinagyaman ng iba-t-ibang hayop na ligaw at *endangered*. Iilan lamang dito ang sumusunod.



*Photo Courtesy: SUSG Environment Committee*

**AGILA**

Ang ***agila*** ay isang katangi-tanging ibon na may pambihirang mga katangian at kakayahan. Ito ay malalakas at matalas ang paningin. Kaya nga tinagurian ang agila na "**birds of prey**". Ang ibig sabihin ng "birds of prey" ay mga uri ng mandaragit na ibon, nakikilala sa pamamagitan ng isang baluktot na tuka at matalim na mga kuko.



*Photo Courtesy: SUSG Environment Committee*

**IRRAWADDY DOLPHIN**

Ang ***irrawaddy dolphin*** ay tanging species ng genus *Orcellus*. Ang mga beak na dolphins na ito ay umaabot sa 2.2 m ang haba, may isang *spherical head* at katamtamang mahaba ang mga *fector* ng pektoral. Ang pangkalahatang kulay ng katawan ay *slate grey*. Ang *Orcella brevirostris* ay naninirahan sa mga tubig sa baybayin ng Timog-silangang Asya, mula sa Madras hanggang Bangkok, kasama ang Bay of Bengal, Andaman Sea, Golpo ng Thailand.



Photo Courtesy: SUSG Environment Committee

**PAWIKAN**

Ang ***pawikan*** ay isang uri ng malaking pagong o galapagong may mga palikpik imbis na paa. Karaniwang nabubuhay ito sa dagat. Kabilang ito sa superpamilyang *Chelonioidea* at *Dermochelyidae*. Ang mga ito ay reptilyang pandagat na naninirahan sa lahat ng mga karagatan ng mundo maliban sa Karagatang Artiko.



Photo Courtesy: https://philippineculturaleducation.com.ph./bayakan/

**BAYAKAN/PANIKI**

Ang **bayakan** o **kaboy *o Ryukyu Flying Fox***, ay isang uri ng malaking paniki o *megabat* sa pamilya ng *Pteropodidae*. Matatagpuan ito sa Batanes at mga pulo ng Babuyan sa Pilipinas. Subtropiko o tropikal na tuyong gubat at subtropiko o tropikal na bana ang likas na tirahan nito. Nanganganib ang uring ito dahil sa pagkawala ng tirahan.



Photo Courtesy: SUSG Environment Committee

**BUWAYA**

Ang ***buwáya*** ay isang mabangis na reptil na kabílang sa pamilya *Crocodylidae,* may mahahabang nguso, matatalas na ngipin, magagaspang na balat, at naninirahan sa mga matubig na lugar, lalo sa mga ilog na mabagal ang agos.



Photo Courtesy: SUSG Environment Committee

**TAMARAW**

Ang tamaraw na tinatawag sa ingles na *Dwarf Water Buffalo* ay may hawig sa kalabaw kaya lang ay mas maliit ito at ang sungay ay korteng titik "V" at mas maikli. Mas makapal ang kulay kape at itim na balahibo.

Ang tamaraw ang pinakamalaking mamal na katutubo dito sa Pilipinas at sa Mindoro lamang ito matatagpuan.




## Pagyamanin

.

**Gawain 3: Punan mo ang kahon!**

**Panuto:** Magbigay ng mga hayop na ligaw at endangered sa Pilipinas. Isulat sa sagutang papel ang pangalan nito.






## Isaisip

**Gawain 4: Tsek o ekis?**

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang tsek ✓ kung ang hayop ay kabilang sa hayop na ligaw at endangered at ekis ✗ naman kung hindi.

__________1. Pusa

__________2. Agila

__________3. Kambing

__________4. Pawikan

__________5. Irrawady Dolphin



## Isagawa

**Gawain 5: Sino ang may pagpapahalaga**

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang ☺ kung nakita mo na sa personal ang hayop nakapaloob sa kahon at ☹ kung hindi.

| Pangalan ng Hayop | Nakita sa Personal |
|---|---|
| 1. Tamaraw | |
| 2. Agila | |
| 3. Dolphin | |
| 4. Bayakan | |
| 5. Buwaya | |



## Tayahin

**Panuto:** Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot .

_____1. Ito ay isang pangkat ng mga hayop o iba pang mga organismong nasa panganib na mawala o hindi na umiral.

A. Ligaw na hayop B. Endangered na hayop

C. Alagang hayop sa bahay D. Hayop na makikita sa mga kulungan

_____2. Ang sumusunod ay mga ligaw at *endangered* na hayop maliban sa isa.

A. Ipis B. Buwaya C. Pawikan D. Tamaraw

_____3. Anong *endangered* na hayop na isang uri ng malaking paniki o *megabat* sa pamilya ng *Pteropodidae*?

A. Agila B. Buwaya C. Bayakan D. Baboy damo

_____4. Anong *endangered* o ligaw na hayop ang tinagurian na "**birds of prey**"?

A. Agila B. Buwaya C. Bayakan D. Baboy damo

_____5. Ano ang maaari nating gawin upang mapangalagaan ang ligaw at *endangered* na hayop?

A. Hulihin ang mga ito at ikulong

B. Gawing libangan ang panghuhuli nito

C. Ibenta ang mga ito sa mga nagmamay-ari ng *Zoo*

D. Hayaan itong malayang manirahan sa natural na tahanan



## Karagdagang Gawain

**Gawain 6: Ako ay Iyong Ilikha!**

Bilang isang Boy Scout o Girl Scout lumikha ng isang poster na nagpapakita ng "Pagkalinga sa mga na Ligaw at *Endangered*"

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA**

| Pamantayan | Indikador | Puntos | Marka |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto sa paggawa ng poster | 20 | |
| Kaangakupan ng Konsepto | Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto | 20 | |
| Pagkamapanlikha (Originality) | Orihinal ang idea sa paggawa ng poster | 20 | |
| Kabuuang presentasyon | Malinis at maayos ang kabuuang presentasyon | 20 | |
| Pagkamalikhain (Creativity) | Gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto at mensahe | 20 | |
| Kabuuan | | 100 % | |

## Sanggunian


https://pop.inquirer.net/74580/time-is-running-out-for-these-critically-endangered-species-in-the-philippines
https://en.wikipedia.org/wiki/Philippine_deer#/media/File:Philippine_Deer_by_Gregg_Yan.jpg
https://news.abs-cbn.com/news/10/20/19/putol-na-katawan-ng-endangered-dolphin-natagpuan-sa-baybayin-ng-davao-city
https://www.google.com/search?q=Philippine+Dolphin&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiB5Jqtv5vtAhXMyYsBHRLvDzkQ_AUoAXoECAwQAw&biw=1093&bih=480#imgrc=CRJTn0s9VURF9M



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rosalyn A. Dela Rosa
Cayamcam Elem. School

Editor: Xilca H. Celicious

Tagasuri: Feby Ivan A. Segualan Rynard Mangubat
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D- *EPS*

Tagalapat: Jocelyn D. Carton

Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A. Santisas
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
O*IC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*